PROPOSISYON 41

Ang batas na ito na iminungkahi ng Panukalang-batas 639 ng Asembleya ng Regular na Sesyon ng 2013–2014 (Kabanata 727, Mga Batas ng 2013) ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo XVI ng Saligang-batas ng California.

Ang iminumungkahing batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo sa Militar at mga Beterano; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Ang Artikulo 5y (nagsisimula sa Seksyon 998.540) ay idinaragdag sa Kabanata 6 ng Dibisyon 4 ng Kodigo sa Militar at mga Beterano, upang mabasang:

Artikulo 5y. Batas sa Bono ng 2014 para sa Pabahay sa mga Beterano at Pagpigil sa Kawalan ng Bahay

998.540. Ang artikulong ito ay dapat makilala at maaaring tawaging ang Batas sa Bono ng 2014 para sa Pabahay sa mga Beterano at Pagpigil sa Kawalan ng Bahay.

998.541. (a) Ang California ay tahanan ng halos dalawang milyong beterano, higit sa alinmang ibang estado sa bansa, at sa pagtatapos ng mga digmaan sa Iraq at Afghanistan, ang isang ngayon pa lang nangyari na bilang ng mga beterano sa California ay babalik sa ating mga komunidad, marami ay nangangailangan ng pabahay, trabaho, paggamot sa kalusugan ng isip at droga, at rehabilitasyon ng katawan.

(b) Sa kasamaang-palad, nangunguna rin ang California sa bansa sa bilang ng walang-bahay na mga beterano, halos 25 porsiyento ng walang-bahay na mga beterano sa bansa ay naninirahan sa California, humigit-kumulang na 19,000 beterano. Alinsunod sa California Research Bureau, ang Los Angeles ay nangunguna sa bilang ng walang-bahay na mga beterano kasunod ang rehiyon ng San Diego na nasa ikatlo, at ang San Francisco Bay Area ay ikasiyam.

(c) Saka, ang mukha ng populasyon ng walang-bahay na mga beterano ng bansa ay nagbabago habang mas maraming mga beterano ng OIF/OEF ay palubog sa kawalan ng bahay at, lumalala, ang mga beteranong babae at ang kanilang mga anak ay bumubuo ng paraming bilang ng mga walang-bahay na demograpiko ng beterano.

(d) Sa mas mataas na bilang sa kanila ng sakit na tensiyon pagkatapos ng trauma, pag-abuso ng sabstance, at kawalan ng trabaho, gayon din ang mas mataas na bilang ng nangyayaring sekswal na trauma na nararanasan ng ating mga beteranong babae, ang kasalukuyang walang-bahay na mga beterano, kadalasan, ay pabalik-balik sa ating mga kulungan, ospital, at mga programa sa paggamot, di-angkop na kumukuha ng mga serbisyo nang hindi tumatanggap ng mga wastong serbisyo upang patatagin ang kanilang mga buhay.

(e) Ang Lehislatura ay dapat magsulong ng isang komprehensibo, pinag-uugnay, at mabisang-paggasta na paraan upang tugunan ang mga pangangailangan ng pabahay ng ating mga beterano. Ang naturang pagharap ay dapat gumamit ng pampubliko at pribadong mga kakayahan at pagtugmain din ang pabahay at mga serbisyo.

(f) Limang taon na ang nakaraan, ang mga Taga-California ay lubusang nag-apirma ng kanilang pasasalamat sa ating mga beterano sa pamamagitan ng pag-aproba sa Proposisyon 12, isang siyam na raang milyong dolyar ($900,000,000) na pangkalahatang obligasyong bono na nilalayong tulungan ang mga beterano na bumili ng pang-isang pamilyang mga bahay, bukid, at naililipat na bahay sa pamamagitan ng CalVet Home Loan Program.

(g) Bilang resulta ng krisis na pangkabuhayan at paghina ng pabahay sa estado na sinamahan ng pagbabago ng mga demograpiko ng ating mga beterano, ang Farm and Home Loan Program, gaya ng inaprobahan ng Proposisyon 12, ay may malaking pagkukulang sa bilang ng mga nagpatala. Limang taon mula nang ipasa ito, ang buong siyam na raang milyong dolyar ($900,000,000) ay namamalaging hindi nagagasta gayon din ang isang bahagi ng limang daang milyong dolyar ($500,000,000) mula sa Proposisyon 32, na inaprobahan ng mga botante noong 2000.

(h) Samantala, ang pangangailangan ng mga beterano ng pangmaraming-pamilya na pabahay na abot-kaya, sumusuporta, at pansamantala ay namamalaging hindi natutugunan at ang pampubliko at pribadong mga tagapagdulot na nakahanda para sa mga layuning ito ay namamalaging hindi lubos na nagagamit.

(i) Ang mga botante ng California ay dapat gawaran ng pagkakataon na baguhin ang programa sa bono para sa mga beterano ng Proposisyon 12 upang mas mahusay na makatugon sa mga pangangailangan ng pabahay gayon din ng mga nagbabagong demograpiko ng kasalukuyang populasyon ng beterano.

(j) Batas sa Bono ng 2014 para sa Pabahay sa mga Beterano at Pagpigil sa Kawalan ng Bahay ay gagawa ng pagbabago sa anim na raang milyong dolyar ($600,000,000) ng kasalukuyang mga pera ng bono ng Proposisyon 12 upang ipahintulot ang konstruksiyon at rehabilitasyon ng pangmaraming-pamilya na pabahay para sa mga beterano at unahin ang mga proyektong nagtutugma ng mga pabahay sa mga serbisyo. Kahit sa pagbabago nitong mga pera ng bono, ang batas ay magpapanatili pa rin sa higit sa kalahating bilyong dolyar para sa kasalukuyang CalVet Farm and Home Loan Program.

(k) Batas sa Bono ng 2014 para sa Pabahay sa mga Beterano at Pagpigil sa Kawalan ng Bahay ay magpapalawak sa mga mapipili sa pabahay at serbisyo para sa mga beterano, may mabisang paggasta na gagamitin ang mga pampublikong dolyar, babawasan ang bilang ng walang-bahay na mga beterano at mga kasama nitong mga gastos ng publiko, at ilalagay ang California sa unahan ng mga pagsisikap ng ating bansa upang tapusin ang kawalan ng bahay ng mga beterano bago lumampas ang 2015.

998.542. (a) Ang Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), gaya ng sinusugan sa pana-panahon, maliban kung itinatadhana dito, ay pinagtitibay para sa layunin ng pag-isyu, pagbebenta, at pagbabayad ng, at pagkakaloob ng paggalang sa, mga bonong ipinahintulot na iisyu ng artikulong ito, at ang mga tadhana ng batas na iyon ay kasama sa artikulong ito na waring nakalagay nang buo sa artikulong ito. Lahat ng mga pagtukoy sa artikulong ito sa "dito" ay tumutukoy sa pareho nitong artikulo at ng batas na iyon.

(b) Para sa mga layunin ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ay itinalaga bilang lupon. Ang Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ay dapat tumupad ng mga tungkulin ng lupon sa pagsangguni sa Ahensiya ng Pagtustos sa Pabahay ng California at sa Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad.

998.543. Gaya ng pagkakagamit dito, ang mga sumusunod na katawagan ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) "Lupon" ay nangangahulugang ang Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano.

(b) "Bono" ay nangangahulugang isang bono ng mga beterano, isang pangkalahatang obligasyong bono, inisyu alinsunod sa artikulong ito na nagpapatibay ng mga tadhana ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado.

(c) "Batas sa bono" ay nangangahulugang ang artikulong ito na nagpapahintulot ng pag-isyu ng mga pangkalahatang obligasyong bono ng estado at paggamit ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado sa pamamagitan ng pagtukoy.

(d) "Komite" ay nangangahulugang ang Komite sa Pagtustos sa Pabahay para sa mga Beterano, itinatag alinsunod sa Seksiyon 998.547.

(e) "Pondo" ay nangangahulugang ang Pondo ng Pabahay para sa mga Beterano, itinatag alinsunod sa Seksiyon 998.544.

998.544. (a) Ang mga bono na may kabuuang halaga na anim na raang milyong dolyar ($600,000,000), o ang halagang iyon na kailangan, hindi kabilang ang halaga ng alinmang nagsasauli ng bayad na mga bono, o ang halagang iyon na kailangan, ay maaaring iisyu at ibenta upang magkaloob ng pondong gagamitin para sa pagsasakatuparan ng mga layuning ipinahayag sa subdibisyon (b) at upang ibalik ang ibinayad ng Umiikot na Pondo sa Paggasta ng Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksiyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang mga bono, kapag naibenta, ay dapat bumuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng Estado ng California, at ang buong pagtitiwala at kredito ng Estado ng California ay ipinangangako para sa napapanahong pagbabayad ng prinsipal ng, at interes sa, mga bono kapag ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran at mababayaran.

(b) Ang mga nalikom sa mga bono na inisyu alinsunod sa seksiyong ito ay dapat ihanda sa lupon para sa mga layunin ng paglikha ng isang pondo upang magkaloob na pangmaraming-pamilya na pabahay sa mga beterano at sa kanilang mga pamilya alinsunod sa Batas sa Bono ng 2014 para sa Pabahay sa mga Beterano at Pagpigil sa Kawalan ng Bahay (Artikulo 3.2 (nagsisimula sa Seksiyon 987.001)), at anumang kasunod na pagpapatibay ng batas na nagsususog sa batas na iyon o nagpapatibay o nagsususog sa anumang pamalit na batas para sa layuning magkaloob ng pabahay sa mga beterano at sa kanilang mga pamilya.

(c) Ang Lehislatura ay maaari, sa pana-panahon, sa pamamagitan ng boto ng mayoriya, na magsusog sa mga tadhana ng batas na ito para sa layuning pabutihin ang pagiging episyente, mabisa, at may-pananagutan ng programa, o para sa layuning isulong ang kabuuang mga hangarin ng programa.

(d) Ang mga nalikom sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa artikulong ito ay dapat ideposito sa Pondo ng Pabahay para sa mga Beterano, na sa pamamagitan nito ay nililikha.

998.546. Ang mga bonong ipinahintulot ng artikulong ito ay dapat ihanda, isagawa, iisyu, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng itinatadhana sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), at lahat ng mga tadhana ng batas na iyon, maliban sa ang mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksiyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan, ay dapat pairalin sa mga bono at sa artikulong ito at isinasama sa artikulong ito na waring nakalagay nang buo sa artikulong ito.

998.547. Para sa layunin lamang na ipahintulot ang pag-isyu at pagbebenta alinsunod sa Batas sa Pangkalahatang Bono ng Estado ng mga bonong inawtorisa ng artikulong ito, ang Komite sa Pagtustos ng Pabahay para sa mga Beterano sa pamamagitan nito ay nililikha. Para sa mga layunin ng artikulong ito, ang Komite sa Pagtustos ng Pabahay para sa mga Beterano ay "ang komite" kung paano ang katawagang iyon ay ginagamit sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Ang komite ay binubuo ng Kontroler, Ingat-yaman, Direktor ng Pananalapi, Kalihim ng Negosyo, Mga Serbisyo sa mga Mamimili, at Pabahay, at Kalihim ng mga Gawain ng mga Beterano, o ng kanilang mga itinalagang kinatawan. Ang Ingat-yaman ay dapat maglingkod bilang tagapangulo ng komite. Ang isang mayoriya ng komite ay maaaring umakto para sa komite.

998.548. Ang komite ay dapat magpasiya kung kailangan o hindi o kanais-nais o hindi na mag-isyu ng mga bonong ipinahintulot alinsunod sa bahaging ito upang isakatuparan ang mga aksiyon na tinukoy sa Seksiyon 998.544 at, kung gayon, ang halaga ng mga bonong dapat iisyu at ibenta. Ang mga susunod na isyu ng mga bono ay maaaring ipahintulot at ibenta upang isakatuparan ang mga aksiyon nang progresibo, at hindi kailangan na ang lahat ng mga bonong ipinahintulot ay iisyu o ibenta sa anumang isang panahon.

998.549. Dapat na may singilin bawat taon at sa paraan at panahon na katulad ng pagsingil sa ibang kita ng estado, bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, na isang kabuuan ng halagang iniaatas upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bono bawat taon. Tungkulin ng lahat ng mga opisyal na inatasan ng batas ng tungkulin na nauukol sa pagsingil ng kita na gawin at gampanan ang lahat ng kailangan upang masingil ang karagdagang halaga.

998.550. Sa kabila ng Seksiyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo sa Tesorerya ng Estado, para sa mga layunin ng artikulong ito, ang isang halaga na magiging kapantay ng mga sumusunod:

(a) Isang halagang kailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa artikulong ito, kapag ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran at mababayaran.

(b) Ang halagang kailangan upang isakatuparan ang Seksiyon 998.551, inilalaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi.

998.551. Para sa mga layunin na isakatuparan ang

artikulong ito, ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring magpahintulot ng pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng isang halagang hindi hihigit sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na ipinahintulot ng komite na ibenta para sa layunin na isakatuparan'ang artikulong ito. Anumang mga halagang kinuha ay dapat ideposito sa pondo. Anumang halagang inihanda sa ilalim ng seksiyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo mula sa mga nalikom na natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layunin na isakatuparan ang artikulong ito.

998.552. Lahat ng perang idineposito sa pondo na galing sa hulog at natipong interes ng mga bonong naibenta, nang higit sa anumang halaga ng hulog na gamit upang bayaran ang mga gastos sa pag-isyu ng mga bono, ay dapat ireserba sa pondo at dapat ihanda para ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono.

998.553. Alinsunod sa Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, lahat o isang bahagi ng gastos sa pag-isyu ng bono ay maaaring bayaran mula sa mga nalikom sa bono, kabilang ang anumang hulog na galing sa pagbebenta ng mga bono. Ang mga gastos na ito ay dapat ibahagi nang ayon sa proporsiyon ng bawat programang pinopondohan sa pamamagitan nitong batas sa bono.

998.554. Ang lupon ay maaaring humiling sa Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera na umutang mula sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, kabilang ang ibang mga ipinahintulot na anyo ng pansamantalang pagtustos na kabilang ang, pero hindi limitado sa, pangkomersiyong papel, alinsunod sa Seksiyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa mga layunin ng pagsasakatuparan ng artikulong ito. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat humigit sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na ipinahintulot ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta para sa layunin na isakatuparan ang artikulong ito. Ang lupon ay dapat magsagawa ng anumang mga dokumento na iniaatas ng Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera upang makuha at bayaran ang utang. Anumang mga halagang inutang ay dapat ideposito sa pondo na ilalaan ng lupon alinsunod sa artikulong ito.

998.555. Ang mga bono ay maaaring gawan ng pagsasauli alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na bahagi ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Ang pag-aproba ng mga botante ng estado para sa pag-isyu ng bonong inilarawan sa artikulong ito ay kabilang ang pag-aproba ng pag-isyu ng anumang mga bonong inisyu upang gawan ng pagsasauli ang anumang mga bonong orihinal na inisyu sa ilalim ng artikulong ito o anumang mga naunang inisyung nagsasauling bono.

998.556. Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng artikulong ito, o ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang Ingat-yaman ay maaaring magpanatili ng nakahiwalay na mga kuwenta para sa pamumuhunan ng mga nalikom sa bono at para sa pamumuhunan ng mga kinita sa mga nalikom na ito. Ang Ingat-yaman ay maaaring gumamit o magtagubilin ng paggamit ng mga kinitang ito upang bayaran ang anumang diskuwento, multa, o ibang pagbabayad na iniaatas sa ilalim ng pederal na batas o gumawa ng anumang aksiyon tungkol sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom sa bono na iniaatas o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas o upang kumuha ng anumang ibang kabutihan sa ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

998.557. Napag-alaman at ipinapahayag ng Lehislatura na, dahil ang mga nalikom sa pagbebenta ng mga bonong ipinahintulot ng artikulong ito ay hindi "mga nalikom sa buwis" gaya ng pagkakagamit sa katawagang iyon sa Artikulo XIII B ng Saligang-batas ng California, ang pamamahagi ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyong ipinataw ng artikulong iyon.

PROPOSISYON 42

Ang susog na ito na iminumungkahi ng Susog 3 ng Senado sa Saligang-batas ng Regular na Sesyon ng 2013–2014 (Kabanata 123 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2013) ay malinaw na nagsususog sa Saligang-batas ng California sa pamamagitan ng mga seksiyon nito; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

MGA IMINUMUNGKAHING SUSOG SA SEKSIYON 3 NG ARTIKULO I AT SEKSIYON 6 NG ARTIKULO XIII B

Una—Na ang Seksiyon 3 ng Artikulo I ay sinususugan upang mabasang:

SEK. 3. (a) Ang mga tao ay may karapatang tagubilinan ang kanilang mga kinatawan, magpetisyon sa pamahalaan upang tugunan ang mga karaingan, at magtipun-tipon nang malaya upang sumangguni para sa kabutihan ng lahat.

(b) (1) Ang mga tao ay may karapatang kumuha ng impormasyon na nauukol sa pagsasagawa ng negosyo ng mga tao, at, dahil doon, ang mga pulong ng mga pampublikong lupon at ang isinulat ng mga pampublikong opisyal at mga ahensiya ay dapat maging bukas sa pagsusuri ng publiko.

(2) Ang isang batas, pasiya ng hukuman, o ibang awtoridad, kabilang ang mga nagkabisa sa petsa ng pagkakabisa ng subdibisyong ito, ay dapat malawak na bigyang-kahulugan kung ito ay nagsusulong ng karapatan ng mga tao sa paggamit, at makitid na bigyang-kahulugan kung ito ay naglilimita sa karapatan sa paggamit. Ang isang batas, pasiya ng hukuman, o ibang awtoridad na pinagtibay pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng subdibisyong ito na naglilimita sa karapatan sa paggamit ay dapat pagtibayin sa pamamagitan ng mga napag-alaman na nagpapakita ng interes na pinoprotektahan ng limitasyon at ng pangangailangan ng pagprotekta ng interes na iyon.

(3) Wala sa subdibisyong ito na nagpapawalang-saysay o nagbabago sa karapatan sa pagkapribado na iginagarantiya ng Seksiyon 1 o nakakaapekto sa konstruksiyon ng anumang batas, pasiya ng hukuman, o ibang awtoridad hanggang ito ay nagpoprotekta sa karapatan sa pagkapribado, kabilang ang anumang mga pamamaraan ng batas na namamahala sa pagtuklas o pagsisiwalat ng impormasyon na nauukol sa opisyal na pagganap o propesyonal na mga kuwalipikasyon ng isang opisyal ng kapayapaan.

(4) Wala sa subdibisyong ito na nagpapawalang-saysay o

nagbabago sa anumang tadhana ng Saligang-batas na ito, kabilang ang mga garantiya na ang isang tao ay hindi maaaring pagkaitan ng buhay, kalayaan, o ari-arian nang walang angkop na proseso ng batas, o pagkaitan ng pantay na proteksiyon ng mga batas, gaya ng itinatadhana sa Seksiyon 7.

(5) Ang subdibisyong ito ay hindi nagpapawalang-bisa o nagpapawalang-kabuluhan, nang malinaw o sa pamamagitan ng pahiwatig, ng anumang eksepsiyon sa saligang-batas o batas sa karapatan na gamitin ang mga pampublikong rekord o mga pulong ng mga pampublikong lupon na may-bisa sa petsa ng pagkakabisa ng subdibisyong ito, kabilang ang, pero hindi limitado sa, anumang batas na nagpoprotekta sa pagkakompidensiyal ng mga rekord ng pagpapatupad ng batas at pag-uusig.

(6) Wala sa subdibisyong ito na nagpapawalang-bisa, nagpapawalang-kabuluhan, o nagbabago sa mga proteksiyon para sa pagkakompidensiyal ng mga pamamaraan at mga rekord ng Lehislatura, ang mga Miyembro ng Lehislatura, at ang mga empleyado, komite, at kawkus nito na itinatadhana ng Seksiyon 7 ng Artikulo IV, batas ng estado, o mga tuntuning pambatasan na pinagtibay upang isulong ang mga tadhanang ito; hindi rin ito nakakaapekto sa saklaw ng ipinahihintulot na pagtuklas sa mga pamamaraang panghukuman o pampangasiwaan na nauukol sa mga pagtalakay ng Lehislatura, ng mga Miyembro ng Lehislatura, at mga empleyado, komite, at kawkus nito.

(7) Upang matiyak na ang daan ng publiko sa mga pulong ng mga pampublikong lupon at sa mga isinulat ng mga pampublikong opisyal at mga ahensiya, gaya ng tinukoy sa talataan (1), ang bawat lokal na ahensiya ay inaatasan dito na sumunod sa Batas sa mga Pampublikong Rekord ng California (Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 6250) ng Dibisyon 7 ng Titulo 1 ng Kodigo ng Pamahalaan) at ng Batas na Ralph M. Brown (Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksiyon 54950) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 2 ng Titulo 5 ng Kodigo ng Pamahalaan), at sa anumang kasunod na pagpapatibay ng batas na nagsususog sa alinmang batas, nagpapatibay ng isang pamalit na batas, o nagsususog sa anumang pamalit na batas na nagtataglay ng mga pagpapasiya na nagpapakita na ang pagpapatibay ng batas ay nagsusulong sa mga layunin ng seksiyong ito.

Ikalawa—Na ang Seksiyon 6 ng Artikulo XIII B ay sinususugan upang mabasang:

SEK. 6. (a) Tuwing ang Lehislatura o anumang ahensiya ng estado ay nag-uutos ng isang bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo sa alinmang lokal na pamahalaan, ang Estado ay dapat magkaloob ng isang ayuda sa mga pondo upang pagbalikan ng bayad ang lokal na pamahalaang iyon para sa mga gastos ng programa o nadagdagang antas ng serbisyo, maliban sa ang Lehislatura ay maaari, pero hindi kailangan, na magkaloob ng isang ayuda sa mga pondo para sa mga sumusunod na utos:

(1) Mga pambatasang utos na hiniling ng apektadong lokal na ahensiya.

(2) Pagbabatas na naglilinaw ng isang bagong krimen o pagbabago ng isang kasalukuyang kahulugan ng isang krimen.

(3) Ang mga pambatasang utos na pinagtibay bago sumapit ang Ika-1 ng Enero, 1975, o mga Tagapagpaganap na utos o mga regulasyon na unang nagpapatupad na pagbabatas na pinagtibay bago sumapit ang Ika-1 ng Enero, 1975.

(4) Mga pambatasang utos na nakasaad sa mga batas sa loob ng saklaw ng talataan (7) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 3 ng Artikulo I.

(b) (1) Maliban kung itinatadhana sa talataan (2), para sa taon ng pananalapi na 2005–06 at bawat taon ng pananalapi kasunod ng taon ng pananalapi, para sa isang utos kung saan ang mga gastos ng isang lokal na pamahalaan na humihingi ay ipinasiyang nasa naunang taon ng pananalapi na babayaran ng Estado alinsunod sa batas, ang Lehislatura ay dapat maglaan, sa taunang Batas sa Badyet, ng buong mababayarang halaga na hindi pa nabayaran, o suspendihin ang pagpapatakbo ng utos para sa taon ng pananalapi kung saan ang taunang Batas sa Badyet ay angkop sa isang paraan na itinatagubilin ng batas.

(2) Ang mga mababayarang hinihingi para sa mga gastos na natamo bago ang taon ng pananalapi na 2004–05 na hindi pa nababayaran bago ang taon ng pananalapi na 2005–06 ay maaaring bayaran sa maraming taon, gaya ng itinatagubilin ng batas.

(3) Ang batay sa halaga na buwis sa ari-arian ay hindi dapat gamitin upang bayaran ang isang lokal na pamahalaan para sa mga gastos ng isang bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo.

(4) Ang subdibisyong ito ay angkop sa isang utos lamang habang nakakaapekto ito sa isang lunsod, county, lunsod at county, o espesyal na distrito.

(5) Ang subdibisyong ito ay hindi dapat gamitin sa isang iniaatas na ipagkaloob o kilalanin ang ukol sa pamamaraan o nilalaman na proteksiyon, karapatan, benepisyo, o katayuan sa pagtatrabaho ng sinumang empleyado o retirado ng lokal na pamahalaan, o ng anumang organisasyon ng empleyado ng lokal na pamahalaan, na lumitaw mula, nakakaapekto, o tuwirang may kaugnayan sa hinaharap, kasalukuyan, o nakaraang pagtatrabaho sa lokal na pamahalaan at bumubuo ng isang utos na napapailalim sa seksiyong ito.

(c) Ang isang ipinag-utos na bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo ay kabilang ang paglipat ng Lehislatura mula sa Estado patungo sa mga lunsod, county, lunsod at county, o espesyal na distrito ng kumpleto o di-buong pinansiyal na responsibilidad para sa isang iniaatas na programa kung saan ang Estado ay dating may kumpleto o di-buong pinansiyal na responsibilidad.